

ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 22
Nobyembre 21, 2007
www.philippinerevolution.org

Editorial

Pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan

Buong larga nang ipinatutupad ngayon ng pangkating Arroyo ang plano nitong ilatag ang sitwasyon para patuloy na makapaghari lagpas sa 2010. Walang katapus-an ang marurumi at kriminal na pakana nito—mga pambobomba, panunuhol, pagmamaniobra, pambahraso, pamamaslang at panunupil—upang tiyaking mapupuksa ang lahat ng humahadlang sa kanila.


Kaya naman lalo na ngayong iginigiit ng bayan na wakasan na ang ubod ng bulok at sagad sa lupit na paghahari ni Arroyo. Nagkakaisa ang kanilang sigaw na wakasan na ang paghahari ng teroristang lagim, pandarambong at panunupil.

Dapat hasain at gamitin ng sambayanan ang kanilang mga sandata sa paglaban—ang armadong rebolusyonaryong kilusan, ang hayag na kilusang masa at ang nagkakaisang prente.

Napakainam ng obhetibong kundisyon ngayon para isulong ang mga taktikal na opensiba, pausbungin ang masiglang kilusang masa, isulong ang mga pakikibakang bayan at palawakin ang nagkakaisang prente.

Tuluy-tuloy at ibayo pang nalalantad at nahihiwalay ang rehimeng Arroyo sa masa ng sambayanan. Maging ang naghaharing pangkatin ay binabagabag ng lumalaim na mga hidwaang sanhi ng kasakiman ni Arroyo sa kapangyarihan at kayamanan. Higit na ring rumurupok ang suporta sa rehimeng nakararaming nakabababang upisyal at tauhan ng reksiyunaryong sandatahang lakas nito.

Nakaatang sa balikat ng rebolusyonaryong kilusan at mga progresibo at demokratikong pwersa ang tungkuling pamunuhan ang sambayanan, tipunin ang kanilang sumisidhing galit at itransforma ito sa materyal na pwersa laban sa naghaharing rehimeng US-Arroyo at sa kabuuan ng umiiral na reak-



Mga tampok
sa isyung ito...

Mga pasistang pakana
ng rehimeng, mabibigo
PAHINA 3

Pinalaya dahil sa *writ
of amparo*
PAHINA 6

Kumperensya ng mga
upisyal pampolitika,
tagumpay
PAHINA 8

syunaryong sistema.

Dapat masigasig at masaklaw na pukawin at magpropaganda sa hanay ng mamamayan. Dapat magsikhay na kumbinahin ang solidong pag-oorganisa at ang mabilisan at masaklaw na pag-oorganisa, ang iba't ibang balangkas ng pakikipagsakang prente at ang mapanlikha, mapangahas at puspusang pagsusulong ng iba't ibang anyo ng pakikibaka.

Hinihingi ng panahon ang magap, sistematiko at puspusang paghahanda upang mabisang mapukaw, maorganisa at mapakilos ang pinakamalaking bilang ng mamamayan at mabuo sila bilang makapangyarihang pwersang anti-Arroyo. Kailangang mabilis na magipon ng lakas tungo sa mapagpasyang pakikipagsagupa sa naghaharing rehimeng Arroyo.

Dapat isaayos ang mga pamaraan upang maabot, mapaliwanagan at mamobilisa ang milyum-milyong mamamayan sa mga komunidad, pabrika, paaralan, upisina, palengke at lansangan. Dapat mabisang magtalaga ng pinakamaraming cadre, lider at aktibistang masa, organisador at propagandista, sanayin at pakilusin sila upang



makiisa, makapamuno, makapagpramii at makapagpakilos sa malawak na masa.

Magpakahusay sa pagtukoy ng pinakatampok na mga isyung nasa interes ng masa at laban sa naghaharing rehimeng Arroyo. Kabilang sa mga hayag na organisasyon at alyansang sektoral at multisektoral—para mapukaw, maorganisa at mapakilos ang pinakamarami sa pinakamaikling panahon nang may pagtitiyak din sa matiyagang pagbububo at pagpapalakas ng mga namumunong solidong bag-as sa hanay nila.

Susi sa pagpapakilos ng mamamayan ang mahusay na pagpa-

pakita ng mahigpit na ugnayan ng kanilang labis na paghihikahos at kaapihan sa malalaking krimen ng rehimeng Arroyo. Kabilang sa mga ito ang napakarami nang malalaking iskandalo at kaso ng pandarambong at panunuhol at ang tumitinding kampanya ng pamamaslang at pandarahas sa mga aktibista at pwersang anti-Arroyo. Kabilang din dito ang garapalang pag-aamyenda sa konstitusyon at iba pang maniobra para mapalawig ang paghahari ni Arroyo, ipagkait ang mga demokratikong karapatan at pagsilbihan ang interes ng mga dayuhang kapangyarian.

Tuluy-tuloy na magpursige sa ahitasyon at propagandang direktang umaabot sa masa. Palaganapin ang mga rali, pulong masa, porum, grupong talakayan, pagtagtanghal pangkultura, pamamahagi ng mga pahayag at polyeto, pagpapaskil at pagpipinta sa mga pader at mga katulad na paraan ng direktang pagpapahayag sa mamamayan. Gamitin ang mga popular na anyong gaya ng mga *ringtone* at *jingle*, awit at tula, dulang pangkalye at iba pa para maabot sa pinakamabilis at mabisang paraan ang pinakamalawak na bilang ng masa. Maksimisahin din ang paggamit ng masmidya at *internet* upang palaganapin ang mga bidyo,

ANG Bayan

Taon XXXVIII Blg. 22 Nobyembre 21, 2007

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Mga pasistang pakana, mabibigo	3
Pambobomba sa Kongreso	4
<i>Impeachment, ibinasura</i>	5
Pinalaya dahil sa <i>writ of amparo</i>	6
<i>Writ of amparo: bentahé, limitasyón</i>	7
2 ahente ng <i>death squad</i>	
pinarusahan sa Samar	7
Kumperensya ng mga upisyal	
pampulitika sa Cagayan Valley,	8
Sama-samang pagkilos ng mga	
manggagawa sa Triumph	10
2 inarestong raliyista, pinalaya ng	
taumbayan	11
Balita	12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

programang panradyo at iba pang katulad na propaganda.

Kaalinsabay nito, buuin din ang iba't ibang tipo ng alyansa at tulungan ng mga progresibong pwersa at mga impluwensyal at kilalang personalidad na aktibong lumalaban sa rehimeng Arroyo. Hikayatin natin silang tumungo sa hanay ng mamamayan—sa mga porum at pagtitipon sa komunidad at lansangan. Doo'y tuwirang maihahatid nila ang kanilang pagsupporta sa mga adhikain at pagkilos ng mamamayan at mailalantad at matutuligsa ang rehimeng Arroyo nang di nahahadlangan ng mga sagkang laging ginagamit ng mga alipures ni Arroyo sa parlamento.

Sa sikreto at maingat na paraan, patuloy na abutin ang mga progresibo, demokratiko, disgustado at namumulat na mga pwersa sa reaksyunaryong sandatahang lakas. Pukawin, organisahin, makipagkaisa at makipagtulungan sa kanila. Sa tamang panahon, mahalagang maikordina ang paglaban ng sambayanan at kanila ring pagtalikod at paglaban sa naghaharang rehimeng Arroyo.

Ang lahat ng ito'y napakahalang maisulong at maigiit sa kabilang maisulong at maigiit sa kabilang karahasan ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan. Walang sawayang ilantad, kundenahin at panagutin ang rehimeng Arroyo sa bawat kaso ng pampolitikang pamamaslang, pagdukot at iba pang paglabag sa karapatang-tao at panunu-pil sa mamamayan.

Ubos-kayang pukawin, organisahin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan at pandayin ang malawak na pagkakaisa laban sa rehimeng Arroyo. Iluwal ang mga higanteng aksyong masa at likhain ang makapangyarihang unos ng mamamayan na mapagpasyang tatapos sa nanghihina at nayyanig nang bulok na paghahari ng pangkating Arroyo. **AB**

Mabibigo ang mga pasistang pakana ng rehimeng Arroyo

Ang sumusunod ay salin mula sa orihinal na Ingles ng pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas nitong Nobyembre 20.

Lalu't lalong na-hihiwalay, humihina at na-nganganib ang rehimeng US-Arroyo sa harap ng malawakang galit ng mamamayan sa malakihang katiwalian, suhulan, maruming maniobra at malulubhang pasista at teroristang krimen nito. Tully-tuloy itong hinahambalos ng malalakas na protesta at batikos mula sa hanay ng demokratikong kilusang bayan at mga pwersang oposisyon. Lubha itong pinahihinan ng lumalalang mga bitak sa nag-haharing koalisyon. Ang mga pakana nito ay patuloy na inilalantad at nilalabanan ng mamamayan.

Hindi makapagpapatuloy na makapaghari ang rehimeng Arroyo sa dating paraan. Mapalalawig lamang nito ang kapit sa poder sa pamamagitan ng pinag-ibayong pasismo at terorismo. Plano nito sa susunod na tatlong taon ang pagpapataw ng papatinding mga hakbanging mapaniil sa pamamagitan ng paglalatag ng mga senaryo ng mga "teroristang pambomboma" at iba pang hakbanging kontra-mamamayan. Ang layunin nito ay busalan ang oposisyon at bigyang-daan ang pagpapalawig ng paghahari.

Pinagdurusa ang sambayanan ng Pilipino sa ilalim ng hayag at kub-



ling karahasan ng estado. Kapareho ito ng padron ng walang humay na ekstrahudisyal na pamañaslang at pagdukot, serye ng mga pambomboma at pagtatakip bago suspindihin ang *writ of habeas corpus* noong 1971 at tahanang ipataw ang lantarang pasistang paghahari noong 1972.

Tatlong taon bago magtapos ang sana'y huling termino na ni Ferdinand Marcos, nagsagawa siya ng serye ng mga pambomboma at iba pang karahasan na isinangkalan niya para formal na magpataw ng batas militar noong Setyembre 21, 1972. Labing-apat na malalaking bombahan ang naganap sa Metro Manila noong 1970 na sinundan ng mas malalaki pang pagpapasabog noong sumunod na dalawang taon. Noong Hunyo 1971, binomba ng mga lihim na operativa ni Marcos ang Constitutional

Convention Hall. Sinundan ito ng pambobomba sa rali ng oposisyon sa Plaza Miranda, sa pangunahing tubo ng NAWASA sa hangganan ng San Juan at Quezon City, sa Manila City Hall, sa gusali ng COMELEC, sa Kongreso, ilang upisina at *substation* ng MERALCO at sa Doctor's Pharmaceuticals Building sa Caloocan City.

Upang pagmukhaing totoo ang serye ng pambobomba, bahagya ring "binomba" ang bahay nina Sen. Jose Roy at Rep. Eduardo "Danding" Cojuangco na kapwa malalapit na alyado ni Marcos. Tatlong linggo bago ideklara ang batas miliar, ang Joe's Department Store, Good Earth Plaza at Manila City Hall ay sunud-sunod na binomba ni Sgt. Mariano Gabutin (na kalauna'y umamin) at ng kanyang *special operations team* na binubuo ng mga militar na eksperتو sa pagpasabog. Bilang pantapos, naglathala ang Malacañang ng balita na inambus umano si Defense Sec. Juan Ponce Enrile.

Ang pambobomba sa Glorietta Mall at sa Batasang Pembansa ay hawig na hawig sa pakana ni Marcos. Nagpapalarga sila ng mga pambobomba at iba pang karahasan laban sa bayan habang nalalapit ang katapanan ng termino ng kasalukuyang rehimene.

Ang mismong hepeng panseguridad ng rehimene na may mahabang madugong rekord ng pagpasimuno ng mga "pambobomba" at "aksyong terorista," ay umamin na dati nang alam ng rehimeng Arroyo ang serye ng pambobomba. Pagkatapos mismo ng pagsabog sa Glorietta Mall noong October 19, nagpahayag si National Security Adviser Norberto Gonzales na kagawan iyon ng mga "destabilidor." Idinugtong pa niya na kapag may sampung pambobombang ganoon ay maari nang magpataw ng batas militar. Gayundin, matapos ang pambobomba sa Batasan no-


Pambobomba sa Batasang Pembansa

Apat katao, kabilang si Ka Marcial Taldo ng Bagong Alyansang Makabayan at Rep. Wahab Akbar ng Basilan ang nasawi nang pasabugan ng bomba ang labasan ng gusali ng Batasang Pembansa nitong Nobyembre 13. Marami pa ang nasugatan, kabilang si Rep. Luzviminda Ilagan ng Gabriela Women's Party. Isinagawa ang pambobombang ito ilang linggo lamang matapos ang pagpapasabog sa Glorietta Mall sa Makati noong Oktubre 19.

Pilit na pinalalabas ng Malacañang at ng pulis na ang pambobomba sa Batasang Pembansa ay kagagawan ng Abu Sayyaf at ang target ay si Akbar—kahit pa hindi nila maipaliwanag kung bakit papatayin ng Abu Sayyaf si Akbar na kilalang malapit sa kanila.

Para suportahan ang "teorya" ng pulis, sinalakay nila ang isang bahay sa Payatas, Quezon City na pinagkukutaan diumano ng mga elemento ng Abu Sayyaf.

Tatlo ang namatay at tatlo ang dinakip dito. Nakuhang umano sa reyd ang ilang "ebidensya" na sila ang may kagagawan ng pambobomba sa Batasang Pembansa, kabilang ang papeles ng bentahan at rehistro ng motorsiklong pinaglagyan ng bomba. Nasamsam din doon ang plakang "8" na gamit ng mga kongresista, mga *T-shirt* ng mga empleyado ng Kongreso at iba pang magdudugtong sa isinagawang pambobomba.



Anang pulis, iba ang pakay ng isinagawang reyd at "nagkataon lamang" na nakuhang roon ang naturang mga "ebidensya" na naging susi sa paglutas umano sa krimen. Subalit dahil sa sobrang bilis at di kapani-paniwalandang swerte ng PNP, marami ang nagpapalagay na ang isinagawang reyd ay bahagi lamang ng plano ng Malacañang na pagtakpan ang papel nito sa krimen.


Laganap ang pagdududa sa kredibilidad ng isinasagawang imbestigasyon ng PNP sa pambobomba sa Batasang Pembansa, tulad rin ng laganap na pagdududa sa sinasabi nitong isang "aksidente" ang pagpasabog sa Glorietta Mall. Dahil dito, lumalakas ang panawagan para sa isang independyenteng imbestigasyon ng pambobomba. Kabilang sa mga nananawagan nito ang Bagong Alyansang Makabayan at Philippine Muslim Council for Islam and Democracy (PMCID). AB

ong Nobyembre 13, sinabi niyang may impormasyon na sila hinggil sa gayong pag-atake dalawang linggo bago ang pangyayari.

Walang dudang mga upisyal panseguridad at militar ng Malacañang ang nasa likod ng naturang mga "pambobomba" at "aksyong

terorista" bilang bahagi ng planong palawigin ang paghahari ni Arroyo.

Ngunit gayon na lamang ang panghahamak ni Arroyo at ng kanyang pasistang mga kampon sa sambayanang Pilipino kaya lubha nilang minamaliit ang tapang, la-



kas, mga aral at talinong nahalaw at napaunlad ng mamamayan sa kanilang istorikong pakikibaka para wakasan ang isang pasistang diktadura. Desidido ang sambayanang Pilipino na di na kailanman hayaang pagharian muli ng gayong pasistang diktadura ang bansa.

Walang kapagurung inilalantad at nilalabanan ng mga pwersang rebolusyonaryo, progresibo at demokratiko ang mga pakanang nag-lalayong pag-ibayuhin ang pasismo at magtataugat ng pasistang paghahari.

Lubhang mapagbantay ang sambayanang Pilipino sa layunin ng naghaharing pangkating Arroyo na palawigin ang paghahari sa pamamagitan ng mga pasistang pakana at gawa-gawang senaryo ng terorismo. Hindi sila maloloko ng mga pasistang kampon at propagandista ni Arroyo na naglulubid ng mga kasinungalingan upang pagtakpan ang pananagutan ng Malacañang sa pagbomba sa Glorieta Mall at Batasang Tambansa. Walang kredibilidad at hindi pinagtitiwalaan ng mamamayan ang mga imbestigasyon isinasagawa ng pulisya ni Arroyo.

Buo ang kapasyahan ng sambayanang Pilipino na labanan ang lahat ng pagtatangka ng rehimeng Arroyo na magsagawa ng marami pang aksyong terorista at pasistang karahasan. Tiyak na mabibigo ang mga pasistang pakana nito nang mas mabilis pa kaysa mga pakana noon ni Marcos.

AB

Panibagong kasong *impeachment laban kay Arroyo, ibinasura*

Ibinasura ng Committee on Justice ng Mababang Kapulungan nitong Nobyembre 14 ang kasong *impeachment* na isinampa ni Atty. Ruel Pulido dahil wala umano itong sapat na batayan. Ito ang ikatlong kasong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo mula 2001 na ibinasura ng mga alipures niya sa Kongreso.

Nagpanggap pa ang mga kongresista sa komite na pag-usapan at pagdebatehan ang kaso. Subalit tulad ng inaabahan, walang kakurap-kurap nilang ibinasura ang kaso sa walang pangingiming pagpapakita ng suporta sa huwad na pangulo. Ibinasura ang kaso sa botong 43-1. Tanging si Rep. Edgar San Luis ng Laguna, na kasapi ng Committee on Justice at siyang nag-endorso ng kaso ang bumoto pabor ditto. Sadyang pinili ng Malacañang si San Luis na mag-endorso sa kaso dahil alyado siya ni Arroyo pero tumakbo siya bilang independiente.

Bago ito, binalewala ng komite ang susog sa kaso (*supplemental impeachment complaint*) na isinampa ng United Opposition sa pangunguna ng tagapagsalita nitong Atty. Adel Tamano. Laman nito ang mas mabibigat na batayan upang patalsikin si Arroyo sa poder. Dahil sa pagbabasurang ito, nag-walkout ang minorya sa pagdinig noong araw na iyon at binoykot din ni-

la ang pagdinig nitong Nobyembre 14.

Lantad sa publiko na ang Malacañang mismo ang nasa likod ng mahinang kasong *impeachment* na isinampa ni Pulido. Isinampa ang mahinang kaso na ito upang tiakin na ibabasura lamang ito. Inu-nahan nito ang oposisyon sa pag-sasampa ng isang mas malakas na kaso.

Isang prosesong *impeachment* lamang ang pinapayagan ng reaksyunaryong konstitusyon laban sa isang upisyal ng gubyerno sa loob ng isang taon.


Ibig sabihin, isang taong ligtas na naman si Arroyo sa banta ng legal na pagpapatalsik sa poder.

Samantala, nagsampa rin ng bagong kasong *impeachment* ang Bayan Muna, Karapatan at si dating Bise Pres. Teofisto Guingona. Hindi ito tinanggap ng *deputy secretary general*

ng Mababang Kapulungan sa katwirang ito'y labag sa probisyong nagtatakda na isang kaso lamang ang maaaring isampa sa isang taon.

Balak ng oposisyon na dalhin ang usapin sa Korte Suprema upang kwestyunin ang ligalidad ng probisyong ito. Ayon kay Speaker Jose de Venecia, ang Korte Suprema na ang siyang pininal na magpapasya sa legal na proseso ng pagsasampa ng kasong *impeachment*.

AB





Pinalaya dahil sa *writ of amparo*

Dalawang lalaking dinukot sa Mindanao noong Oktubre ang nakalaya matapos dinggin ng korte ang petisyon para sa *writ of amparo* na isinampa ng kanilang mga pamilya.

Pinalaya noong Nobyembre 14 si Luicito Bustamante, 22, sa bisa ng *writ of amparo* na iginawad ng korte sa Davao City.

Bago ito, pinalaya rin noong Nobyembre 7 ang aktibistang si Ruel Muñasque, 33, sa bisa ng utos ng isang hukom sa Pagadian City.

Sakay sa isang motorsiklo, si Bustamante at dalawa niyang kaibigan ay pinatigil sa isang tsekpoyn ng CAFGU sa Sityo Balogo, Barangay Malabog, Paquibato District, Davao City noong Oktubre 27. Mamumudmod sana sila ng mga polyetong pangkampanya sa elek-syong pambarangay nang sila'y arrestuhin. Pinakawalan ang mga kaibigan ni Bustamante subalit pinaiwan siya at inakusahang myembro ng BHB.

Dalawang linggong dumanas si Bustamante ng matinding tortyur sa kamay ng militar. Dahil sa tindi ng pagpapahirap sa kanya ay napadumi siya sa kanyang pantalon. Pilit ipinakain sa kanya ang kanyang dumi. Sinakluban din ng plastik ang kanyang mukha para di makahinga at pinahiran ng sili. Tadtad ng pasa at mga paso ng sigarilyo ang kanyang katawan. Pilit din siyang pinapirma sa isang dokumentong nagsasaad na kasapi siya ng BHB. Hindi tinanggap ng korte ang naturang dokumento bilang ebidensya dahil sapilitan lamang itong pinirmahan ni Bustamante.

Samantala, si Muñasque, lider ng Christian Youth Fellowship-United Church of Christ in the Philippines at organisador ng Bayan Muna ay kara-karakang inaresto ng mga elemento ng 53rd IB sa Baran-

gay Poblacion, Dumarinao, Zamboanga del Sur noong Oktubre 24.

Sakay ng isang *van si* Muñasque kasama ng magsasakang si Roger Morales nang arrestuhin siya sa isang tsekpoyn ng militar. Kinabukanan ay pinakawalan si Morales ngunit ikinulong si Muñasque sa mababaw na dahilang may sugat siya sa kanyang tuhod. Nagsampa ng petisyon para sa *writ of amparo* ang kapatid ni Muñasque at ang grupong Karapatan noong Oktubre 31.

Inaprubahan na rin ng Korte Suprema ang petisyon para sa *writ of amparo* noong Nobyembre 15 niña Juvy Ortiz at Jeffrey Panganiban na dinukot ng mga pinaniniwalaang elemento ng 76th IB noong Oktubre 21 sa Gumaca, Quezon. Ang mga petisyon ay isinampa ng ina ni Juvy na si Maria Ortiz at ina rin ni Jeffrey na si Leny Panganiban. Hinihiling din ng mga magulang niña Ortiz at Panganiban na payagan ang mga kinatawan ng humuman na inspeksyunin ang mga kampo ng militar ng 76th IB sa Barangay Prinsipe, Gumaca at Barangay Marao, Padre Burgos, lahat sa Quezon.

Inutusan na rin ng korte si Lt. Col. Ramon Tello, hepe ng 76th IB, na sagutin ang petisyon ng mga magulang ng dalawang kabataan sa pagdinig na nakatakda sa Nobyembre 21.

Ayon sa mga magulang niña Ortiz at Panganiban, dinakip ng mga sundalo ng 76th IB ang kanilang mga anak at kaibigan nilang si Rodel Monteroso noong Oktubre 21 habang papunta sila sa bahay ng pinsan ni Juvy. Inaakusahan sila

ng militar na mga kasapi sila ng BHB.



Sa kaugnay na pangyayari, nagsampa na rin ng petisyon sa Korte Suprema para sa *writ of amparo* ang mga kamaganak niña Edwin Malapote, anak niyang na si Edwinalyn at asawa nitong si Primo Reduta at kanilang dalawang buwang sanggol.

Sina Malapote, kasama ang mga mag-asawang Luil at Marivic Robles at Nestor at Rosalia Sanchez ay dinukot ng mga elemento ng 76th IB sa Sityo Slow, Barangay Sidora, Agdangan, Quezon noong Oktubre 28 subalit itinatanggi ng militar na hawak nila ang mga biktima.

Naihayag lamang sa publiko ang pagkakadukot ng pamilyang Malapote nang pakawalan ng militar ang mag-asawang Robles at Sanchez at mag-ulat ang mga ito sa Karapatan-Southern Tagalog.

Pinararatangan ng militar na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang pamilyang Malapote. Kasalukuyan silang nakabimbin sa kampo ng Southern Luzon Command (Solcom) sa Lucena City.

Nakatakda na ring magsampa ang mga abugado at organisasyon sa karapatang-tao ng *writ of amparo* para kay "Nena", ang walong taong gulang na bata na taga-Tuburan, Cebu na tinangkang agawin ng mga elemento ng 78th IB noong Oktubre 16 mula sa mga nag-aalaga sa kanya.

Samantala, iniutos na ng korte ang pag-aresto kay Arnel Enriquez, isang elemento ng CAFGU na sangkot sa pagkawala niña Sherlyn Cadapan at Karen Empeño, mga estudyante ng University of the Philippines na dinukot sa Hagonoy, Bulacan noong Hunyo 2006. AB



Bentahe at limitasyon ng writ of amparo

Tulad ng anupamang ligal na instrumento sa ilalim ng reaksyunaryong sistema na sinasabing nangangalaga sa mga kapatagan, ang *writ of habeas corpus* (kautusang iharap sa korte ang isang dinukot o inarestong tao), *writ of amparo* (kautusang bigyang-proteksyon ang isang biktima o nanganganib maging biktima ng kahasang estado) at *writ of habeas data* (kautusang magsumite sa korte ng dokumento o impormasyon) ay maaaring gamitin ng mamamayan para sa kanilang interes.

Malinaw sa ilang agarang nakamit na tagumpay sa *writ of amparo* na mas maraming bentahe ito kumpara sa *writ of habeas corpus* na kadalasang hindi kinikilala at pinagtatawanan lamang ng militar.

Gayunman, kailangang maging mulat sa mga limitasyon ng mga instrumentong ito at masapol na hindi nito lubos na mapipigilan ang militar sa isinasagawang mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at iba pang pasistang pandarahas sa mamamayan.

Magagawa pa rin ng militar na magkaila na hawak nila ang isang biktima ng pagdukot o tumangging ilantad ang kanilang mga ulat at rekord. Ang ganitong pagtanggi at tahasang pagsisinungaling ay wala

namang katumbas na mabigat na mga kaparusahan.

Maaari ring masabotahe ng militar ang mga nabanggit na instrumento. Maaari nilang tularan ang ginawa sa Argentina at Chile kung saan nilunod ang mga korte ng mga huwad na petisyon para sa *writ of amparo* para bumagal ang proseso ng paggagawad nito at sa gayo'y maipagkait ito sa mga tunay na biktima. Magagawa ito ng militar dahil maaaring magpetisyon para sa *writ of amparo* ang iba pang tao o grupo kung walang pamilya o iba pang kamag-anak

ang biktima. Maaari rin itong gawin ng militar para unahan ang mga tagapagtuguyod ng karaptag-tao sa pagsasampa ng petisyon.

Sa ilalim ng mga diktadurang militar sa Argentina, mas dumami pa ang mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang matapos paralalin ang *writ of amparo*. Ipinagpa-

tuloy ang mga ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga bayarang matton o mamamatay-tao, para hindi matukoy ang kamay ng makinang panseguridad ng estado sa mga krimeng ito, bagay na palagi ng ginagawa ng militar sa Pilipinas.

Sa kabilang panig, dapat gamitin ng mamamayan ang *writ of amparo* bilang karagdagang instrumento sa kanilang paglaban sa pasistang pandarahas ng militar.

Nagawa ito nang epektibo dahil mayroong masigla at malakas na suporta mula sa kilusang masa at aktibong pakikitung-gali sa propaganda.

Kaalinsabay nito, ang pakikibaka laban sa pasismo ay dapat na iugnay ng mamamayan sa kanilang pangkalahatang pakikibaka para sa panlipunang katarungan at demokrasya. Sa katuus-tuusan, ang pagwawakas sa pasismo ay matatamo lamang sa pagbabagsak ng buong bulok na sistema at naghaharing reaksyunaryong estado. AB



2 ahente ng death squad pinarusahan sa Samar

Dalawang ahenteng nagsisilbi sa mga *death squad* ng militar ang ginawaran ng parusang kamatayan sa Samar nitong Oktubre.

Isinagawa ang mga pagparusang ito sa pagsisikap ng rebusyonaryong kilusan na papanagutin ang mga sangkot sa mga pampolitikang pamamaslang at paghahasisik ng pasistang terorismo laban sa mamamayan.

Nitong Oktubre 28, isinagawa ng Rodante Urtal Command (RUC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northern Samar ang pagparusa ng kamatayan kay Mar-

cos "Macoy" Anquilo sa Catarman, Northern Samar. Si Anquilo ay isang upisyal ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) at ng Military Intelligence Group (MIG). Sangkot siya sa pagpaplanan at aktwal na pagpaslang kina Prof. Jose Maria Cui (noong Enero 19, 2007) at Jessie Bacalso (noong Hunyo 15, 2007). Ang mga biktima, na kapwa mga ligal na aktibista, ay parehong pinaslang sa loob ng University of Eastern Philippines (UEP). Kapitan si Anquilo ng barangay sa UEP Zone III.

Si Anquilo ay kanang kamay ni Lt. Col. Manuelito

Usi, hepe ng 63rd IB noong 2004-2005. Sa atas ni Usi, pinamunuan ni Anquilo ang paghahagis ng *molotov* at tangkang pagsunog sa himpilan ng Bayan Muna sa Barangay Cawayan, Catarman noong Abril 6, 2005. Nagsabwatan din sila ni Usi sa pagtatayo ng lokal na tsapter ng Guardians Brotherhood Inc. na ginamit nila para maglunsad ng saywar, pananabotahe at pisikal na pang-aatake sa mga ligal na progresibong organisasyon at aktibidad sa Catarman, laluna sa loob ng UEP.

Sa UEP, sinamantala ni Anquilo ang kanyang pusisyon bilang kapitan ng barangay para magtayo ng armadong grupo para sa proteksyon ng pinatatakbo niyang iligal na pasugalan at sindikato ng iligal na droga.

Pinarusahan din ng kamatayan ng BHB ang ahenteng militar na si Elizabeth "Sabet" Gutierrez matapos siya arrestuhin ng isang tim mula sa Arnulfo Ortiz Provincial Operations Command (BHB-Samar) sa Cancaiyas, Basey, Samar noong Oktubre 24.


Si Gutierrez at ang kanyang asawang si Norberto "Huling" Gacuma ay nakipagsabwatan sa 62nd sa ilalim ni Lt. Col. Jonathan Ponce para dukutin ang mag-asawang aktibistang sina Juliet Fernandez at Manuel Pajarito noong Mayo 11 sa Pinabacdao, Samar. Ang mga biktima ay dinala sa mga detatsment at himpilan ng militar ng 62nd IB kung saan sila ipinailalim sa matinding torturyur. Hindi pa rin sila inililitaw hanggang ngayon.

Sangkot din si Gutierrez sa pagdukot sa limang sibilyan sa Barangay Cancaiyas—apat na babae at isang lalaki—na inaakusahang mga gerilya ng BHB. Dinala sila sa detatsment ng AFP sa Barangay Cogon kung saan pinaghubo't hubad sila at tinortyur. Tatlo sa mga sibilyang ito—sina Ina Gerellana at ang kanyang ina at asawa—ay nawawala pa rin hanggang ngayon.

Sa suporta ng militar, nanalo si Gutierrez bilang kapitan ng Barangay Cancaiyas sa eleksyon nitong nagdaang Oktubre. Naghasik ng takot si Gutierrez sa baryo para matiyak niya ang kanyang panalo. Ang mga tutol sa kanya ay inakusahan niyang myembro ng BHB at ipinatawag sa detatsment ng 62nd IB. Kabilang sa mga hinaras ang dating kapitan ng barangay. Dahil sa takot, nilisan ng dating kapitan at iba pang residente ang Cancaiyas dalawang linggo bago mag-eleksyon.

Sina Gutierrez at kanyang asawa ay mga dating kasapi ng rebolusyonaryong kilusan na bumaligtad at nagpagamit bilang mga operatibang paniktik ng militar. Noon pa mang Setyembre 2006 ay iniutos na ng hukumang bayan na arrestuhin si Gutierrez dahil sa kasong pang-eespiya. AB

Kumperensya ng mga upisyal pampulitika sa Cagayan Valley, tagumpay



Maalingawngaw ang sigaw ng tagumpay sa pagtatapos ng isinagawang Kumperensya ng mga Upisyal Pampulitika sa Cagayan Valley. Idinaos ito noong Agosto 9-17 sa isang sonang gerilya sa Cagayan Valley sa gitna ng operasyong laking batalyon ng militar sa kalapit na mga baryo. Dinaluhan ito ng 32 delegado na pawang mga upisyal pampulitika mula sa iba't ibang larangang gerilya ng rehiyon at iba pang mga tagamasid.

Pangunahing layunin ng kumperensya na maaramsan ang mga upisyal pampulitika ng BHB ng kaalaman para epektibo nilang magampanan ang kani-lang gawain.

Partikular na tinutugunan ng kumperensya ang kagyat at mahalagang tungkulin ng pagpapalaki ng hukbong bayan at pagpaparami ng larangang gerilya. Tungo rito, pinalalim dito ang pagsusuri sa mga problemang kinakaharap sa gawaing pampulitika at pang-ideolohiya sa BHB at nagsagawa ng kaukulang mga resolusyon.

Natukoy sa kumperensya ang mga tagumpay ng rehiyon sa pagsusulong ng digmang bayan. Anito, tuluy-tuloy na lumalawak ang kinikilusang lugar, dumarami ang mga mandirigma ng hukbong bayan, lumalawak ang saklaw ng rebolusyonaryong impluwensiya, nakapaglulunsad ng mga taktikal na opensiba at naisusulong ang kilusang masa. Napangbabawan ni-

to ang konserbatismo at binigo ang sunud-sunod na mga kampanyang militar ng AFP para lipulin ang BHB sa rehiyon.

Pero tinukoy din ang ilang usapin kaugnay ng mabilis na pagkonsolida ng mga yunit ng hukbo, pangangalaga at pagmamantini ng pwersa, pagdagdag ng mga platun at pagtatayo ng mga bagong komiteng larangan sa dati nang nakiklusang mga bayan.

Batay sa malalim na pag-aaral sa mga problemang kinakaharap sa gawaing pampulitika ng BHB sa rehiyon ay inilatag ng kumperensya ang mahahalagang tungkulin ng mga upisyal pampulitika sa susunod na dalawa hanggang tatlong taon.

Gawing isang malaking paaralan ng Maoismo ang Hukbong Bayan. Kinilala sa kumperensya na kailangang sundan ang mga isinasagawang teoretikal na pag-aaral ng mga kurso hinggil sa mga praktikal na usapin. Nakita ang kagyat na pangangailangang magbuo ng mga pansuportang kurikulum sa mga regular na kurso.

Napagkaisahang buuin ang tatlong supplementaryong kurso ng Intermedyang Kursong Pampartido. Alinsunod sa atas ng Komite Sentral, magbubuo rin ng mga kurikulum para sa pangangailangan ng mga komiteng larangan. Ilan sa natukoy na mga kailangang gawan ng modyul o kurikulum ang pag-aaral sa estilo at paraan ng pamumuno at pangangasiwa; pagpaparami at pagpapaunlad sa mga cadre; pamamaraan ng pagsusuri at paggawa; at pagpapanibagong hubog sa usapin ng kahirapan, kamatayan, pagpapamilya at pagtrato sa kababaihan.

Nagkaisa ring paghandaan ang pag-aaral ng Abanteng Kursong Pampartido sa pamamagitan ng kolektibong pag-aaral sa mga librong sanggunian nito. Pinagtibay ang pagpapalaganap sa pag-aaral ng

iba't ibang paksa ng kurikulum ng Pambansa-Demokratikong Paaralan sa hanay ng mga mandirigma at masa.

Gayundin, muling idiniin ang pangangailangang pag-aralan ang mga buhay na karanasan mula sa mga taktikal na opensiba, kilusang masa, gawaing konsolidasyon, pagtatayo at pagsasaayos ng mga sangay ng Partido sa lokalidad at mabilis na pag-oorganisa ng masa nang nagsasaalang-alang sa kanilang partikularidad. Pinagkaisahan ding maglunsad ng mga pag-aaral ng mga napapanahong isyu at ng mga sinulat ni Kasamang Jose Maria Sison.

Kailangang pabilisin ang pagpapatupad ng programa sa literasiya at numerasiya sa hanay ng BHB at gawan ng paraan ang pag-aanngat ng literasiya sa hanay ng masa.

Pahigpitin ang pagkakaisang panloob at panlabas. Tinukoy din sa kumperensya ang suliranin ng sektryanismo. Sa partikular, may mga pagkakataong napapansin ito sa pagitan ng mga datihan at baguhang cadre at mandirigma, sa pagitan ng mga upisyal at mandirigma, sa pagitan ng mga cadre at mandirigma at sa mga aktitud sa kababaihan at mga minorya.

Para harapin ito, nanawagan ang kumperensya na pairalin ang galangan at pamamahalan sa mga cadre at mandirigma at bakahin ang pyudal at burgis na gawi sa pakikipagrelasyon.

Dapat ding pasiglahin ang pagpapatupad ng "tatlong demokrasya" at ang pana-panahong paglahok ng mga upisyal sa gawaing produksyon, paghahakot ng panustos at iba pang manwal na gawain para sa pagpapahigpit ng pagkakaisa. Dapat sapulin at palaganapin ang pag-aaral sa paggalang ng karapatan ng kababaihan at kultura ng mga pambansang minorya.

Kailangan ding suriin sa hanay



ng mga upisyal ang pinagmumulan ng di mahigpit na ugnayan. Kaugnay nito ay dapat iwaksi ang mapagmataas na pagtingin sa sarili at ang pagmamaliit o di pagkonsidera sa ibang mga pananaw.

Pahusayin ang dalawahang pamumuno sa hukbo upang mabigyang-diin kapwa ang gawaing militar at gawaing pampulitika sa BHB. Dapat palagiang tinitiyak na napamumunuan ng pulitika ang lahat ng aktibidad ng Hukbo. Dapat ding pag-isipang mabuti ang mga pamamaraan ng pagpapalawak at pagpabilis sa gawaing masa. Nanawagan ang kumperensya na bakahin kapwa ang konserbatismo at adbenturismong tendensya sa pamumuno sa masa at sa gawaing militar.

Niresolba ng kumperensya na kailangang bigyang-diin ang usapin ng upa sa lupa sa pagsusulong ng mga pakikibaka at kampanyang antipyudal. Dapat ding isulong ang gawaing propaganda at pangkultura gamit ang iba't ibang porma at mapanlikhang paraan. Dapat magpursige ang mga upisyal pampulitika sa pagsisinsin ng gawaing aliansa sa mga baryo at bayang saklaw at hanggang sa kayang abutin sa antas ng prubinsya.

Sa pagrerekluta at pagmamantine ng mga Pulang mandirigma, dapat magkaisa ang mga upisyal pampulitika at pangmilitar at lahat ng mandirigma sa nilalaman ng

memorandum ng Komite Sentral hinggil sa pagrerekluta at pangangalaga ng pwersa. Dapat palaganapin sa buong rehiyon ang karanasan ng isang yunit na nakapaglunsad ng tuluy-tuloy na produktibong gawain sa isang tipak ng mga baryo sa loob ng apat hanggang anim na buwan matapos mani ang mga bunga ng gawaing masa.

Kailangan ding maglaan ng panahon at pagsisikap sa paglalansag sa kaaway habang umiiwas sa atake ng kaaway. Iprayoridad ang paglalansag sa CAFGU at paghadlang sa pagtatayo nito. Isunod ang mga pulis at ang mga nakabababang ranggo ng mga sundalo na may kamag-anak sa saklaw ng konsolidadong mga erya.

Magsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa lugar na kinikilusan. Patuloy na magpalalim dito at matamang subaybayan ang mga pagbabago ng sitwasyong pampolitika. Inatasan ang lahat ng upisyal na isulat at ipamahagi ang naipong maraming datos at naunang pagsisiyasat mula antas ng baryo, bayan, laranjan at rehiyon. Bibigyan ng pag-aaral sa laman ng panlipunang pagsisiyasat ang mga bago o bagong-lipat na cadre.

Habang sinusuportahan ng upisyal pampolitika ang kumand sa militar, paunlarin ang mga pampolitikang rekisito ng mga gawaing militar. Ipagpapatuloy ang dating estilo ng mga nakaraang taon ng pagsuporta ng upisyal pampolitika sa kumand sa militar sa buong proseso ng gawaing militar, mula sa paghahanda hanggang sa aktwal na paglulunsad nito. Sa mga taktikal na opensiba, dapat tiyakin ng mga upisyal pampolitika ang paghahanda at konsolidasyong pampolitika at preparasyon sa ideolohiya ng mga kasama at mga kasapihan sa lokalidad bago at matapos ang aksyong militar. AB

Sama-samang pagkilos ng mga manggagawa sa Triumph

Pinagdugtong-dugtong ng mga manggagawa ng Triumph International Phils. Inc. (TIPI) ang kanilang mga produkton bra sa harap ng upisina nito sa Makati City noong Oktubre 22 bilang pagkundena sa mga paglabag ng maneydsment sa kanilang *collective bargaining agreement* (CBA). Kabilang sa mga paglabag ng maneydsment ang pagpapapasok ng mga kontraktwal na manggagawa, malawakang tanggalan ng mga regular, kaswalisasyon at hindi pagbibigay ng *emergency cost of living allowance* (ECOLA). Gumawa rin ng isang malaking bra ang mahigit 450 manggagawa na sumama sa pagkilos.

Ayon sa pahayag ng Bagong Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Triumph International (BKMTI), nagsimulang kumuha ng mga pansamantalang manggagawa o "tempo" ang TIPI noong Agosto. Umapbot sa 180 mga "tempo" ang ipinasok nito na may kontratang tumatagal lamang nang apat hanggang anim na buwan.

Labag ito sa kanilang CBA kung saan nakasaad na maaari lamang magpapasok ang TIPI ng gayong mga manggagawa para sa pana-panahon at di regular na trabaho o bilang panghalili sa isang regular na manggagawang lumibutan sa trabaho. Maliban sa mga kadahilanang ito, malinaw sa kanilang CBA na lahat ng mga manggagawang tatanggapin ay magka-

karoon ng *probationary* na istatus at awtomatikong kandidato para sa regularisasyon matapos ang anim na buwan.

Kasabay nito, tuluy-tuloy na ipinatutupad ng TIPI ang pwersahang pagpaparetiro ng mga regular na manggagawa para bigyang-daan ang malawakang kontraktwalisasyon sa kumpanya. Layunin din nito na pahinain ang unyon bago mag-2010. Ayon sa unyon, mula taong 2000 ay umaabot na sa 400 ang mga manggagawang pwersahang pinagretiro habang 35 lamang sa mga bagong manggagawa ang naregularisa. Parami nang parami ang pinagreretiro. Ngayong taon lamang, umabot na sa 71 ang pinagretiro ng kumpanya. Nilalabag din ng kumpanya ang probisyon sa CBA na nagsasaad na prayoridad na makapasok ang mga kamag-anak ng mga regular na manggagawa kung mayroong mababakanteng pusisyon sa pabrika.

Ang Triumph International ay isang dambuhalang kumpanyang pag-aari ng isang pamilyang German (Spieshofer/Braun). Gumagawa ang mga pabrika nito pangunahin ng iba't ibang klase ng *underwear* tulad ng mga bra at iba pang kasuotang panloob na pambahabe. Gumagawa rin ito ng mga kasuotan para sa mamahaling mga tatak tulad ng Liz Claiborne, Victoria's Secret, Chicos, Dailin at Marks and Spencer. Ang 60% ng mga produktong nito ay diretsong inieksport sa



Walmart, isa sa pinakamalalaking *department store* sa US. Umaabot sa 40,000 ang mga manggagawa ng Triumph International sa buong mundo.

Dito sa Pilipinas, ang Triumph ay may dalawang *production centers*, ang TIPI at ang Star Performance Inc. Parehong nasa loob ng FTI *compound* ang mga ito. Sa TIPI pa lamang, umaabot na sa mahigit 1,200 ang mga manggagawa. Moryya rito ay kababaihan at naka-paloob sa unyon.

Tinatayang kumikita ang TIPI ng ₱20 milyon kada araw. Gayun-paman, tumatanggi itong ipatupad ang kakarampot na ₱12 nakatakdang *emergency cost of living allowance* o ECOLA. Idinadahilan ng maneydsment na mas mataas naman sa nakatakdang minimum ang kanilang arawang sahog na umaabot nang ₱500 kada araw. Pero mas mababa pa rin ito sa tinukoy na halaga para sa arawang pangangailangan ng anim-kataong pamilya na umaabot na sa mahigit ₱700.

Sa gitna ng pambabarat at pag-

sikil ng TIPI, isinagawa ng mga manggagawa ang kanilang mga kilos-protesta.

Kabilang dito ang paglulunsad ng mga sama-samang pagkilos tulad ng pagboykot sa *overtime* na nilalahukan ng 95% ng kasapihan ng unyon. Inilunsad rin nila ang dalawang maiigsing martsa mula sa tarangkahang FTI para sabay-sabay na pumasok sa pabrika. Nagdala sila ng mga plakard at balatengga na isinabit nila sa loob at labas ng pagawaan. Nagbuo sila ng mga grupong pandiskusyon para talakayin hindi lamang ang kanilang mga isyu kundi pati ang mga nagbabagang pambansang isyu. Kasabay nito, nagsampa ng kasong *unfair labor practice* ang kanilang unyon sa Department of Labor and Employment habang nakikipagnegosasyon ito sa maneydsment.

Halos dalawang buwan nang tuluy-tuloy na kumikilos ang unyon at mayroon na itong mga panimulang tagumpay. Pansamantala na nitong napaatras ang sapilitang pagpaparetiro sa mga regular na manggagawa. Naigiit rin nitong

iparegularisa ang ilan sa mga manggagawang "tempo." Bahagi nito ang paggawad ng *probationary* na istatus sa 102 kontraktwal at pagpuproseso sa 80 pa. Napwersa na rin nilang magbukas ang maneydsment para sa pagbibigay ng ECOLA.

Alam ng mga manggagawa na kailangan nilang ipagtanggol ang mga tagumpay na ito dahil anumang oras ay maaaring bawiin ang mga ito ng TIPI. Nahaharap sila sa mas matinding paglaban sa panahon ng muling negosasyon para sa bagong CBA sa darating na taon.

Ipinamalas ng mga manggagawa sa TIPI ang lakas ng kanilang pagkakaisa at sama-samang pagkilos. Sa pamamagitan ng militenteng pagkilos, lalo pa nilang napalakas ang kanilang unyon at naitaas ang pagkakaisa ng lahat ng mga manggagawa sa pabrika. Pinatunayan nila na sa tuluy-tuloy na paggiit ng kanilang mga karapatan at kagalingan, mabilis na napapanday ang makauring paninindigan at nalalagpasan ang tila napakahirap bahuin na kalagayan at kalakaran. AB

2 inarestong raliyista, pinalaya ng taumbayan

Sinugod ng galit na galit na mamamayan ang munisipyo ng Rapu-Rapu sa Albay upang palayain ang dalawang aktibistang kontra-mina na dinakip ng mga pulis noong Nobyembre 14.

Sina Antonio Casitas, 69 taong gulang na tagapagsalita ng Sagip Isla, Sagip Kapwa, at Stephen Prestado, isang estudyante ng Ateneo de Naga University at koresponsyal ng *Bicol XPress*, ay inaresto ng mga pulis ng Rapu-Rapu dahil namuno umano sila sa isang walang *permit* na rali laban sa mapaminsalang pagmimina ng Lafayette.

Ayon sa Umalpas Ka-Bicol, isang grupong tutol sa mapaminsalang pagmimina at *land-use conversion*, idinaos ang aksyong protesta sa harapan ng munisipyo kasabay ng sesyon ng Sangguniang Bayan. Iginigiit ng mga raliyista na gumawa ng tiyak na paninindigan ang gubyernong munisipal laban sa Rapu-Rapu Polymetalic Mining Project na pag-

aari ng Lafayette Mining Ltd. ng Australia. Anila, ang dayuhang minahan ang siyang sanhi ng panibago at malawakang pagkamatay ng mga isda at lang-dagat sa Rapu-Rapu at paligid nito.

Inaresto sina Casitas at Prestado pagkatapos ng rali bandang alas-3:15 ng hapon. Isang oras silang ikinulong at ininteroga ng pulisia kaya nagalit ang taumbayan at sumugod sa munisipyo. Sa tindi ng kanilang presyur ay namagitan ang dalawang kagawad ng Sangguniang Bayan at napilitang palayain ng pulisia ang dalawang aktibista.

Mariing kinundena ni Clemente Bautista Jr., *national coordinator* ng Kalikasan People's Network for the Environment (Kalikasan PNE), ang pandarahas na ito ng gubyernong munisipal. Kaalinsabay nito, pinuri niya ang pagiging mapagbantay ng taumbayan para ipagtanggol at ipaglaban ang kanilang patrimonya at mga karapatang sibil at pampilitika. AB

16 armas, nasamsam ng BHB sa Compostela Valley

LABING-ANIM na armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na kabilang sa 5th Pulang Bagani Company sa ilalim ng Merardo Arce Command (MAC-BHB) sa Southern Mindanao. Sabayang sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang dalawang malaking kumpanyang agribisnes sa Compostela Valley noong Nobyembre 12.

Ayon kay Ka Martin Henares, tagapagsalita ng 5th Pulang Bagani Company, isinagawa ang dalawang operasyong pagdisarma laban sa mga armadong bantay ng Compostela Plantations, Inc. (CPI) at Dizon Farms sa Sityo Pilar, Barangay Babag, Monkayo. Kabilang sa mga nasamsam mula sa mga gwardya nito ang dalawang *baby armalite*, limang karbin, tatlong *shotgun*, dalawang pistolang .38 at iba't ibang kalibreng bala, isang radyong VHF at isang motorsiklo.

Ang dalawang malaking kumpanyang agribisnes ay aktibong nakikipagtulungan sa pasistang pwersa ng 28th IB na nakabase sa prubinsya. Gomit ang kanilang armadong *goons*, hinaharas at pinababantaan ng CPI at Dizon Farms ang mga komunidad sa paligid ng mga plantasyon. Samantala, ang 28th IB naman ay may mahabang rekord ng pamamaslang at panununog sa mga bahay ng mga sibilyan. Isa sa mga pinaslang nito ay isang taong may kapansanan sa utak.

Malalaking asyenda at plantasyon, target ng panukalang batas ng KMP

MGA malaking asyenda, plantasyong pag-aari ng malaking panginoong maylupa, mga dayuhang korporasyon at ng gobyerno at maging mga reserbasyong militar ang pa-ngunahing mga target ng panukalang batas na inihain ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Mababang Kapulungan ng Kongreso.

Layout ng panukalang batas, na pinamagatang "Genuine Agrarian Reform Bill" (GARB), na palitan ang *busog* na Comprehensive Agrarian Reform Program na mag-tatapos na sa susunod na taon. Kabilang sa mga target ng panukalang batas na ito, ayon kay Rafael "Ka Paeng" Mariano, tagapangulo ng KMP at presidente ng partidong Anakpawis, ang Hacienda Luisita sa Tarlac, Hacienda Reyes sa Quezon, Hacienda San Antonio at Santa Isabel sa Isabela, Hacienda Bacan sa Negros Occidental, Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, ang *stock farm* sa Dumaraos, Capiz sa Panay, at maging ang mga plantasyon ng Dole, Del Monte at NDC Guthrie sa Mindanao.

Ayon sa pag-aaral ng KMP, 60% ng kabuuang lupang agrikultural (halos siyam na milyong ektarya) ay pribadong pag-aari ng 13% lamang ng mga panginoong maylupa sa bansa. Mahigit 20% ng mga lupaing agrikultural (tatlong milyong ektarya) ay nasa kamay ng 9,500 indibidwal lamang. Ani Mariano, dapat nang wakasan ang monopolyo sa lupa sa bansa dahil sa masaklap na kato-tohanan na ang mga nagbubungkal ng lupa at siyang nagpapakain sa buong bansa ay walang sariling lupa at nagugutom.

Malawakang welga sa France at Germany

MALAWAKANG naparalisa ng mga nagwewelgang manggagawa ang transportasyon sa France at Germany nitong Nobyembre 14. Ang welga sa France ay inilunsad ng mga manggagawa sa transportasyon, elektrisidad at gas laban sa plano ng gobyerno ni Pres. Nicolas Sarkozy na bawasan ang mga benepisyo sa pensyon. Ang welga sa Germany ay inilunsad ng GDL, ang unyon ng mga manggagawa ng Deutsche Bahn (kumpanya sa tren na pag-aari ng estado ng Germany) kaakibat ng hinihilang nilang 31% pagtaas ng sahod.


Una nang naparalisa ang trans-

portasyon, gas at elektrisidad sa buong France noong Oktubre 18 sa 24 oras na welga ng pitong malaking unyon. Nagmatigas ang pamahalaang Sarkozy laban sa iginigiit ng mga unyon na huwag bawasan ang kanilang mga benepisyo sa maagang pagreretiro.

Sa ikalawang malawakang welga nitong Nobyembre 14, naki-simpatya ang 31 unibersidad sa kahilingan ng mga manggagawa ng pitong unyon nauna nang nagwelga. Nagsimula na ring magwelga ang mga guro at empleyado ng gobyerno dahil sa planong pagtatanggal ng mga trabahador ng pamahalaan, pagbabaa-

was sa mga nakukuhang benepisyo at subsidyo ng mga eskwelahan at pagsingil ng matrikula sa mga unibersidad.

Sa Germany, nagwelga ang unyon GDL nang 10% lamang na dagdag sa sweldo ang nais ibigay ng DB. Anang mga manggagawa, sila na ang may pinakamababang sweldo sa sektor ng transportasyon sa buong Europe. Umabot sa tatlong buwan ang negosasyon bago nagwelga ang unyon. Nagwelga maging ang mga unyon ng transportasyon na hindi myembro ng GDL. Nakaamba rin ang pagsasapri-bado ng estado sa ilang sektor ng transportasyon.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-MaoismoTaon XXXVIII Blg. 22
Nobyembre 21, 2007
www.philippinerevolution.org

Editorial

Pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan

Buong larga nang ipinatutupad ngayon ng pangkating Arroyo ang plano nitong ilabtag ang sitwasyon para patuloy na makapaghari lagpas sa 2010. Walang katapus-an ang marurumi at kriminal na pakana nito—mga pambomboma, panunuhol, pagmamaniobra, pambahraso, pamamaslang at panunupil—upang tiyaking mapupuksa ang lahat ng humahadlang sa kanila.


Kaya naman lalo na ngayong iginigiit ng bayan na wakasan na ang ubod ng bulok at sagad sa lupit na paghahari ni Arroyo. Nagkakaisa ang kanilang sigaw na wakasan na ang paghahari ng teroristang lagim, pandarambong at panunupil.

Dapat hasain at gamitin ng sambayanan ang kanilang mga sandata sa paglaban—ang armadong rebolusyonaryong kilusan, ang hayag na kilusang masa at ang nagkakaisang prente.

Napakainam ng obhetibong kundisyon ngayon para isulong ang mga taktikal na opensiba, pausbungin ang masiglang kilusang masa, isulong ang mga pakikibakang bayan at palawakin ang nagkakaisang prente.

Tuluy-tuloy at ibayo pang nalalantad at nahihiwalay ang rehimeng Arroyo sa masa ng sambayanan. Maging ang naghaharing pangkatin ay binabagabag ng lumalalim na mga hidwaang sanhi ng kasakiman ni Arroyo sa kapangyarihan at kayamanan. Higit na ring rumurupok ang suporta sa rehimeng US-Arroyo at sa kabuuan ng umiiral na reaksyunaryong sandatahang lakas nito.

Nakaatang sa balikat ng rebolusyonaryong kilusan at mga progresibo at demokratikong pwersa ang tungkuling pamunuan ang sambayanan, tipunin ang kanilang sumisidhing galit at itransforma ito sa materyal na pwersa laban sa naghaharing rehimeng US-Arroyo at sa kabuuan ng umiiral na reak-



Mga tampok
sa isyung ito...

Mga pasistang pakana
ng rehimeng, mabibigo
PAHINA 3

Pinalaya dahil sa *writ
of amparo*
PAHINA 6

Kumperensya ng mga
upisyal pampolitika,
tagumpay
PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **pahina 13**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead o logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*